# Napakatataas ng Talahib sa Daan

**Buboy Aguay**

"'NAY! 'NAY! MAKIKITULOY po kami." Kakalatag lamang ng dilim sa ligaw na kapatagan sa gitna ng bulubundukin ng Quezon ngunit halatang nakapinid na ang mga pintuan at mahigpit na nakatali ang mga tukod at bintana. Tumawag akong muli, malumanay, tiyak at nagpapahiwatig na kilala ang boses ko ng kung sino ang nakatira sa bahay na iyon. Sa akin nagmumula ang tinig pero may pakiramdam akong galing din ito sa isang malayong alaala.

Tama. Bakasyon noon. 1980. Gaya nang nakagawian, tuwing bakasyon ay nasa mga Lola at Lolo kami sa Bikol. Sa bahay kasi ng Lola, tuwing bakasyon naisasapraktika ko ang mga natutuhan ko sa paaralan dahil lagi akong tinatanong ng Lolo kung paano ilalapat sa praktika ang mga itinuturo sa klase. Tuwing tag-araw kasi ay madalas lumuwas ng Maynila ang mga tiyuhin ko kaya kami lamang ang natitira sa bahay.

Isang gabi ay nagising ako sa mahinang tawag mula sa labas ng bahay. "'Nay, makikituloy po sana kami." Isang lalaki ang pinagmumulan ng boses na iyon. Hindi kaagad nagsindi ng ilaw si Lola Sima. Binuksan nito ang pinto at pinatuloy ang anim na tao. Diretso ang mga ito sa sahig na kahoy.

"Kumain na ba kayo?" tanong ni Lola sa kanila.

"Opo, 'Nay. Huwag na po kayong mag-abala. Magpapahinga na po kami ng mga kasama. Magpahinga na rin po kayo," sagot uli ng tumawag kanina sa labas.

Ang iba ay nanatiling walang kibo at nagsisimula nang maglatag ng kani-kanyang higaang bitbit.

Malayong alaala na ang 1980. Ngayong 1995, ako naman at ang lima ko pang kasamahan ang tumatawag sa isang maliit na kubo.

Bahagyang may nagbukas ng bintana at maya-maya ay narinig kong may naghuhubad ng tali sa pintuan. Tumuloy kami. Isang patpating babae ang nagpatuloy sa amin. Nasulyapan ko sa may hagdang kawayan paakyat ng bahay na yari sa pawid at kawayan ang limang pares na nakamulagat na mata ng mga bata.

"Kumain na ba kayo?" tanong ng babae. Naalala ko tuloy si Lola Sima. Sumagot kaagad si Ka Tunying.

"Hindi pa po, 'Nay Saling. Pero may natira pa po kaming pagkain sa pananghalian kanina. Ito na lamang po ang aming hapunan. Kayo po, naghapunan na?" Hindi kumibo si 'Nay Saling. Nagmamasid lang ang mga bata. Hindi ko alam kung bakit nang gabing iyon ay napakalaki ng kanilang mga mata sa aking paningin.

Sinenyasan ni Ka Lisa si Ka Tunying sa pamamagitan ng pagnguso nito sa malinis na kaldero na nakasabit sa kusina. Mabilis na kumuha ng pinggang losa si Ka Magda at pinaghati-hati ang laman ng kaldero sa anim na pinggan. Inilapit ito ni Ka Tunying kay 'Nay Saling.

"Pakainin niyo po ang mag-anak niyo, 'Nay, ng tirang kanin," sabi ni Ka Tunying.

"Pasensiya na kayo, pero baka mas kailangan ninyo ang pagkain," nahihiya at nag-aatubili si 'Nay Saling.

"May natira pa naman po sa kaldero, 'Nay," wika ni Ka Magda. Inabot ni 'Nay Saling ang mga plato at ibinigay sa mga bata. Agad na kinuha ng mga bata ang pinggan at kinain ang bahaw na kanin kahit walang ulam. Halatang sabik na sabik ang mga bata sa kanin.

Hinati-hati naman ni Ka Magda sa amin ang natitirang kanin kasama na ang tutong. Kinuha ko ang isang pinggan at idinala sa labas. Natanawan ko sa may di kalayuan na naikabit na ni Ka Rodel ang kanyang duyan na yari sa parka. Siya ang taliba ngayong gabi. Bantay sa magdamag sakaling may kakaibang takbo ang gabing ito.

Naalala ko tuloy. Kung noon ay may anim na taong pinatuloy si Lola sa bahay, ibig sabihin ay pito rin sila, hindi lamang tumuloy ang isa sa loob ng bahay dahil nakatalaga ito bilang taliba.

"Kumusta ang lagay mo rito, Ka Rodel?" tanong ko. "Sakto lang. Kumusta sina 'Nay Saling?" sagot niya habang sinusubukan ang tatag ng duyan. "Andoon, pinapakain ang mga anak kasabay ng mga kasamahan natin. Kumain ka na rin." Iniabot ko ang pinggan kay Ka Rodel na agad na hinanap sa bakpak ang kanyang

sisidlan ng pagkain. "Ilipat ko lang itong laman ng pinggan sa sisidlan ko para madala mo na itong pinggan pabalik doon sa bahay," sabi niya. Tumutol ako. "Huwag na. Pagpalit na lang ninyo ni Ka Tunying mamayang madaling araw. Babalik na ako sa kubo, may ipagbibilin ka ba? Nasulyapan kong nagsimula nang kumain si Ka Rodel. Sa pagitan ng pagnguya, sabi niya, "paalala lang, 4 ang ating RP."

"Sige," sabi ko.

"Ipaalala mong muli sa mga kasama," bilin niya.

"Oo. Ano pa?"

"Wala na. Magpahinga na kayo. Lalo na ikaw, Ka Noel."

Tumango lamang ako. Pumihit pabalik sa kubo.

Magdadalawang buwan na ako rito sa bundok mula noong umakyat ako noong Marso. Matagal na akong aktibista. Estudyante pa lang ay naugnayan na ako. Maraming nagsasabi na ang mga aktibista raw na nagrarali, dumadalo sa demonstrasyon at piket ay mga komunista. Hindi naman totoo. May ilan sa kanila na binubuksan sa UG para sa mas malalim na gawain. Isa ako sa iilang iyon. Nang makatapos sa kolehiyo bilang inhinyero ay nagtrabaho ako sa isang pribadong kumpanya. Kahit ganoon ay malinaw sa akin ang mga estrukturang umiiral sa sosyedad. Lalo na noong makuha akong regular na empleyado sa DPWH at kahit gobyerno ang nagpapasuweldo sa akin ay hindi ko basta matatalikuran ang aking paniniwala sa kabulukan ng sitemang umiiral. Nagpatuloy akong may ugnay. Noong huling ED ko noong Pebrero 1995 ay nagpahayag na ako sa mga kasama na mag-integ sa susunod na tag-araw. Hindi ako nagpaalam sa bahay maging sa aking trabaho. Integrasyon ito. Eksposyur na madalas, pagkatapos ng ilang buwan ay babalik sa dating pamumuhay sa kalunsuran, pero ako, sa kabila ng maraming alalahanin, namamayani sa utak ko na huwag nang bumalik sa lungsod. Nais ko nang ialay ang aking lakas at buhay sa armadong pakikibaka. Pilit kong isinisiksik sa isip iyon. Paniniguro ba na kapag ito lagi ang iniisip mo, ito rin ang magiging laman ng bibig mo at gagabay sa daloy ng mga pananaw mo.

Dito sa parang kahit ang gabi ay hindi mapagkakatiwalaang kaibigan. Pero nang gabing iyon, sa piling ng mag-anak ni 'Nay Saling, ay para kaming umuwi sa aming sari-sariling bahay. Matalahib ang paligid pero nakauwi kami.

Tumahimik ang paligid. Napalitan ang kahol ng mga aso sa malayong baryo ng mga huni ng panggabing ibon at nakisabay rin ang mga duliduli. Isang malambing na oyayi ang ganitong tunog na nagpapahiwatig ng pakikisabwat sa isang mahimbing na pagtulog.

Kinaumagahan ay nakapagtutong na kaagad ng bigas si Ka Lisa upang gawing kape. Nakapaglaga na rin ng amires si Ka Rodel habang tinuturuan si 'Nay Saling kung paano pakikinabangan ang mga amires sa bakilid ng bakuran. Itinuro ni Ka

Rodel kung paano malalaman kung malaki na ang lamang-ugat nito sa pagsiyasat lamang ng mga baging at dahon.

Ugali na ni Ka Rodel na magdala ng kahit anong buto o pananim na maaaring maitanim sa bakuran. Kahit saan siya makarating ay itinuturo niya sa mga tao ang halaga ng pagtatanim at pagbubungkal ng lupa. Alam ni Ka Rodel ang mga halamang maaring itanim at naglalaman ng mga bitaminang kailangan ng katawan. Ang mga nahukay niyang mga amires mula sa bakilid ay siya rin ang nagturo kung paano itanim halos tatlong taon na raw ang nakakaraan. Wika niya, ang amires kasi, pag nagsimula nang maitanim sa lupa, hukayin mo man ang laman, ang mga natitirang ugat nito ay muling nabubuhay at umiiral sa magkakaibang panahon. Hindi mo man anihin, maubos man ang dahon at matunaw ang mga baging, ang laman nito sa ilalim ng lupa ay patuloy na buhay, lumalaki, at muling magpapapuslit ng mga panibagong baging at dahon sa takdang panahon. Pakiramdam ko, pag nagsasalita si Ka Rodel ay para akong nasa loob ng isang ED.

Tinawag ni Ka Rodel ang lahat para mag-agahan. Tinutong na bigas ang kape at inihain ang umuusok na nilagang amires. Napansin kong ang ilang amires ay may tusok pa ng ugat ng talahib.

Pagkatapos mag-agahan, habang nagtitipon ng kahoy na panggatong si Ka Tunying ay kausap nito ang dalawang anak ni ’Nay Saling. Tinuturuan kung bakit kailangang tulungan nila sa mga gawaing bahay ang kanilang Nanay. Ang asawa kasi ni ’Nay Saling ay sumama rin sa armadong pakikibaka at namatay sa isang engkuwentro. Ang naiwan nitong maybahay at mga supling ay kailangan ng pag-alalay ng kilusan.

“’Nay Saling, ito po si Ka Noel, bago naming kasamahan sa iskuwad,” pakilala ni Ka Rodel. Inabot ni ’Nay Saling ang aking palad. Mahigpit ang pagkakahawak niya sa kamay ko.

“Ilang araw ba kayo rito?”

“Sa minimum na araw lamang po kami ’Nay Saling,” sagot ni Ka Rodel.

Ibig sabihin ay tatlong araw.

“Naghihintay po kami ng pasabi. Kasama po sa sadya namin na matulungan kayong matamnan ng palay ang ilang tupong ng inyong sakahan bago kami umalis. Noong isang linggo pa kasi ipinaabot sa amin na kailangan ninyo ng tulong sa pagtatanim ng palay. Nang huling regroup po namin ay inuna na talaga namin sa listahan ang inyong palayan para hindi po kayo mahuli sa mga kasabay ninyong nagtatanim ng palay. Alam niyo naman pong pag nahuli po kayo ay uubusin ng mga rignos ang inyong tanim at pag nauna naman ay kayo ang pupuntiryahin ng mga daga.”

Naalala ko ang mga nakikituloy noon sa bahay ng Lola. Kanya-kanya rin silang

trabaho sa umaga. Gawaing masa ang tawag nila rito. Nang maging ako isang umaga, isa sa kanila ay nasa tapat ng isang maliit na makinilya sa tapat ng bintana. Maliit at maiksi ang isa niyang binti. Nakasalamin, maiksi ang buhok, patpatin at tantiya ko ay hindi pa lalagpas ng 20 ang edad.

Ka Erning ang pakilala niya sa akin. Sabi niya, nag-aaral daw siya sa UP Diliman at wala na siyang planong tapusin ang kurso. Nais na raw niyang magsilbi sa masa sa pamamagitan ng pamumundok. Si Ka Erning ang nagturo sa akin tungkol sa armas. Labintatlong taong gulang pa lamang ako noon nang turuan niya akong magkalas ng kalibre 45. Pag nakalas ko na, saka siya magsisimulang maglinis ng mga piyesa nito. Pagkatapos ay saka niya ako tuturuan kung paano ito muling buuin. Tuwing tanghaling tapat namin ginagawa iyon. Nang matuto na akong magkalas ng kalibre 45, iyong mahaba naman ang itinuro sa akin. M16 ang tawag nila. Pag-asinta at pagbaril naman ang itinuro nilang sunod.

Si Ka Tunying ang pinakamatagal na tumira sa mga Lola. Halos buong bakasyon ko sa elementarya ay nandoon siya. Laging nasa harap ng makinilya. Maraming tinitipa. Kapag hindi siya abala ay marami siyang ikinukuwento tungkol sa bansa, sa mga tao sa loob ng isang bansa at ang mga umiiral na puwersa rito. Bagama't hindi ko nakasama ng matagal ang iba pa niyang kasamahan dahil paminsan-minsan lamang nagagawi ang mga ito sa bahay ng Lola, pero may palagay akong, si Ka Erning ang pinakamatalino sa kanila. Dahilan para pangarapin ko rin noon na mag-aral sa UP.

Minsan naiisip ko kung kahinaan ba ni Ka Erning ang kanyang pagiging pilay kaya sa kanya ibinigay ang trabaho sa harap ng makinilya. Madalas hindi ko naiisip ang gayon. Nang huling tag-araw na nadatnan ko siya sa bahay ng Lola, naitanong ko sa kanya kung NPA ba sila. Tumawa nang malakas si Ka Erning. Sabi niya sa akin, kung ang isang tao raw ay natuto ng isang bagay, nagiging makabuluhan ang kanyang pagkatuto kapag ang pinaniniwalaan niyang teorya ay naisasapraktika niya. At marami ang mga nagnanais na matutuhan ito sa pamamagitan ng pagpunta sa kanayunan at makipamuhay sa masa. Sila ang mga sumasampa sa bundok para sa integrasyon o eksposyur.

Nitong nakaraang taon ko lang lubos naunawaan ang integrasyon. Isang malalim na usapin ito. Una, kailangang alamin ng yunit na humahawak sa iyo kung sino ka at ano ang ekonomikal at pulitikal mong kalagayan. Pangalawa, kailangan ding siyasatin kung may kamag-anak kang militar at aalamin din kung may kasaysayan ng pagiging kaaway ang militar mong kamag-anak. Pangatlo, aalamin din mula sa nagrerekomenda sa iyo kung ano na ang mga pag-aaral na nadaanan mo upang matimbang ang antas ng iyong kaalaman tungkol sa prinsipyong ipinaglalaban. Pang-apat, aalamin din ng yunit at sisiguraduhin na makukuha mo

ang pinakamatuwid na karanasan sa panahon ng integrasyon upang matutuhan mo ang pinakamatuwid na pakikipamuhay sa masa. Panglima, sisiguruhin ng yunit na mayroon silang kakayahang pangalagaan ang iyong kalusugan at ang iyong buhay dahil ipinagbabawal na malagay sa panganib ang sino mang sumasali sa integrasyon upang ligtas kang makauwi pagkatapos ng ipinahayag na haba ng integrasyon at ang pinakamahalaga, kaya pinapayagan ang mga integrasyon dahil hinihingi ng masa ang dagdag na tao para sumampa.

Noon ako nagdesisyon na sumailalim sa integrasyon. Nang dumating ang pasabi kung kailan ako papasok sa loob, kung gaano ka-minimal lamang ang damit at gamit na dadalhin ko, at kung saan ako susunduin, alam ko; tuloy-tuloy na ito. Wala nang urungan. Ang susundo sa akin ay hindi ko pa nakita at kinakailangang tumawid sa ibang probinsiya. Sumang-ayon lamang ako. Tiwala sa organisasyon ang pinakaunang nabubuo. Tumawid ako ng probinsiya at natagpuan ko roon ang susundo sa akin na kilalang-kilala ako at palagay na palagay rin ang loob ko sa kanya kahit noon ko lamang siya nakita at nakilala. Ang sumunod ay maiksing biyahe at mahabang paglalakbay. Pagdating namin sa isang bahay sa bukid ay sinabi niyang kailangan ko pa raw magbawas ng bagahe at kung may mga bagay na pagkakakilanlan sa akin ay doon ko rin iiwan sa bahay na iyon. Iniwan ko nga ang lahat sa bahay na iyon na tutukoy kung sino at ano ang legal kong pagkakakilanlan. Pag-alis namin doon, pakiramdam ko ay isa akong bagong tao.

Ang sumunod na yugto ay mas mahabang paglalakbay. Pagbagtas sa kagubatan, kasukalan, at bukirin. Umabot ng tatlong araw na paglalakad. Kapag inaabutan kami ng gabi at may bahay na masisilungan ay nakikisilong kami at bago magliwanag ay muli na naman kaming maglalakad. Sakahan, talahiban, kasukalan, at bangin uli at mga bundok ang babagtasin. Pagkalipas pa ng tatlong araw ay iniwan ako ni Ka Dentoy sa isang bahay. Dalawang araw ako sa bahay na iyon.

Pagbalik ni Ka Dentoy ay sinabi niyang iiwan niya ako kay Ka Sinong, isang maitim na lalaki, matipuno ang katawan ngunit pilay. Naalala ko si Ka Erning. Kung maputi lamang ito si Ka Sinong, maiksi ang buhok at patpatin ay mapagkakamalan kong si Ka Erning. Si Ka Sinong daw ang maghahatid sa akin. May importanteng gawain na raw siya pabalik sa banwa. Wala akong kibo pero iniisip ko, kung si Ka Sinong ang maghahatid sa akin, ibig sabihin hindi pa ako nakakarating sa aking pupuntahan.

Naglakbay na naman kami pero sa pagkakataong higit na mahirap ang daan pero si Ka Sinong, kahit maliit ang isang paa niya ay napakabilis maglakad. Halatang kabisado niya ang daan at ang nag-iigkasang mga ugat sa kanyang paa at braso ay halatang pinanday ng maraming beses na pagbagtas sa mga kasukalan. Lagi akong

nahuhuli sa paglalakad. Hindi palakibo si Ka Sinong. Di tulad ni Ka Erning na bawat pagkakataon ay sinasamantala para makapagbukas ng ideya sa kausap.

Pagkalipas pa ng tatlong araw ay narating namin ang isang baryo sa gitna ng kabundukan. Ipinakilala ako sa mga tao. Lahat sila ay may mahigpit na pakikipagkamay sa akin at walang mapagsidlang saya ang nakita ko sa kanila sa pagtanggap sa akin.

Habang nagpapahinga ay lumapit sa akin si Ka Sinong. Niyakap niya ako nang mahigpit at kinamayan nang mahigpit din at sinabing lubos niyang ikinagagalak ang pagsuong ko sa talahiban para matagpuan ang totoong pagbabago. “Hanggang sa tagumpay!” sabi niya bago tumalikod at mabilis na nawala sa kabila ng mga bakilid.

Inisip ko para siyang si Ka Erning magsalita. Ang totoo, lahat sila ay parang si Ka Erning.

Pagkaalis niya ay kinausap ako ng isang kasama. Sabi niya may regroup mamayang gabi. May dadating pang ibang mga kasama. Kinumusta niya ako. Kinumusta niya ang mahabang paglalakbay. Sabi ko sanay akong maglakad. Kinagabihan ay may mga dumating. Pakilanlanan.

Kinabukasan, maaga pa ay naghiwa-hiwalay na. Kalahati ng grupong nadatnan ko ay sumama sa kalahati rin ng grupong dumating. Ang naiwan ay ang iskuwad na kinabibilangan ko. Nang magsimula na kaming maglakad, lagi nila akong ipinoposisyon sa gitna. Lagi nilang tinatanong ang aking pakiramdam at kalagayan. Marami akong natutuhan sa kanila at pinakamatingkad doon ang pakikipamuhay sa masa. Doon ko nakita kung paanong naisasapraktika ang mga teorya sa pamamagitan ng simpleng pamumuhay. Masinop ang mga tao sa lahat ng bagay at laging may pagkukusa. Walang nagiging pabigat sa masa. Ikinatutuwa pa ng masa kapag may dumarating na mga kasama. Doon ko nakita at naunawaan ang totoong disiplina ng isang comrade.

Pagdaan namin sa isang baryo ay may nagbigay ng kalahating sako ng bigas para sa iskuwad. Ako na lamang sa iskuwad ang may pinakamagaang bitbit kaya tinanong nila ako kung kaya ko ang kalahating sako ng bigas. Sanay ako sa sakahan. Kaya ko. Mahirap lang kapag tagilid ang lupang dinaadaanan at matarik o kaya madudulas ang daanan at kapag umuulan ay una itong dapat na isilong at isalba. Habang dumadaan ang araw ay gumagaan naman ito dahil ginagamit na konsumo ng iskuwad.

Nang tumigil kami sa isang lugar at nagkaroon uli ng regroup, may ibinigay na ED tungkol sa engkuwentro. Mga detalye ng opensiba at depensiba. Doon ko naunawaan ang respeto ng mga kasama sa buhay na malayong-malayo sa mga balita at mga ipinangangalandakan sa mga pelikula. Limitado lamang ang balang ibinibigay sa isang kasama at kailangan ang masusing pagdedesisyon para magamit lamang ang bala ng baril sa pagpoposisyon sa depensiba. Mahigpit na ipinagbibilin ang maiwasan

ang engkuwentro kung kinakailangan dahil ang lahat ay nakapaloob sa plano at may karampatang disiplina sa mga lumalabag at pumapasok sa engkuwentro na hindi kasama sa plano. Kahit na ang mga opensibang pinaplano ng kung ilang buwan ay iniuurong, hindi natutuloy kapag may masang madadamay. Nang matapos ang pag-aaral na iyon ay nilapitan ako ng isang susing tao at ibinigay sa akin ang isang M16.

"Ka Noel, ito ang magiging kakambal mo. Marunong ka bang gumamit nito?"

"May nagturo sa akin kung paano magkalas, mag-assemble, at magpaputok niyan."

"Kasabay ng kaalaman mo at ng disiplina ng kilusan, matutuhan natin ang tama at responsableng paggamit ng baril."

Naalala ko na naman si Ka Erning.

Matapos ang dalawang buwan na integrasyon, sa isang regroup ay nakadaupang palad ko ang isang susing taong pangrehiyon. Nandoon din si Ka Sinong sa regroup na iyon. Kinausap niya ako pagkatapos ng kantahan at pagtatanghal ng mga talento. Tinatanong niya ako kung ano ang plano ko. Sabi ko sa kanya, kung ipapahintulot nila ay nais ko nang magtuloy-tuloy at sumali sa armadong pakikibaka. Tinanong niya ako kung bakit. Sabi ko, wala namang maasahan sa burukrasya. Hinawakan niya ako sa balikat. Naglalakad-lakad kami. Marami siyang sinabi. Marami siyang ipinaliwanag. Nakumbinsi ako sa mga sinasabi niya. At ang pinakahuli niyang tinuran ang tumatak sa aking isip, "Ikinatutuwa ng kilusan ang pasya mong sumampa sa armadong pakikibaka ngunit ang pakiramdam ng masa ay kailangan mong bumalik sa kalunsuran dahil may pananaw ang masa na doon ka mas higit na kailangan."

Kinabukasan, si Ka Sinong ang naatasang maghatid sa akin pauwi. Maluwag na sa akin ang desisyon. Ilang araw na paglalakad ang dumaan hanggang sa makarating kami ni Ka Sinong sa pinakunang bahay na tinuluyan ko noong papasok ako sa erya. Ibinigay muli sa akin ang mga gamit at damit na iniwan ko roon. Pagkatapos ay naglakad na kaming muli. Pagkalipas ng dalawang araw ay narating namin ang kalsada. Naghintay kami ng pagdaan ng sasakyan.

"Ka Noel, naalala mo ba ito?"may inilabas na baril si Ka Sinong. Gulat na gulat ako. Nayakap ko nang mahigpit si Ka Sinong.

"Sabi ko na nga ba! Ka Erning! Ikaw nga!"

Tumango lang siya. Ibinigay niya sa akin ang kalibre 45. Sa akin na raw iyon. At nang siyasatin ko, nandoon pa rin ang isang bala nito. Ni minsan daw ay hindi niya nagamit ang baril. Mabilis kong itinago ang baril. Marami pa sana akong gustong itanong sa kanya ngunit dumating na ang kaisa-isang pampasaherong dyip na dumadaan doon. Pasakay na kami sa natitirang dalawang upuan sa loob ng dyip nang maunahan kaming umakyat ng dalawang babaeng may dalang bayong at

puno ng gulay. Nainis ako bigla. Tiningnan ko nang matalim ang dalawang babaeng nakipag-unahan. Ngumiti sa akin ang isa. Ang isa naman ay kinindatan ako. Natulala ako. Sabi ni Ka Erning ay doon na lamang daw kami sa bumper ng dyip para nakaupo kami dahil mahaba-haba pa ang biyahe. Hinila niya ako pero nakalingon pa rin ako sa dalawang babae na parang nanghihipnotismo.

Pabulong lang ang ginawa naming pag-uusap sa bumper ng dyip. Maya-maya ay napanganga kami dahil may checkpoint sa unahan na nakaposisyon pagkalagpas lang sa isang kurbada ng daan. Para kaming itinulos na kandila ni Ka Erning sa pagkabigla. Ang isa ko pang nakita ay nasa checkpoint at kausap ng opisyal ng militar si Ka Dentoy—ang sumundo sa akin noon sa bayan.

Bigla, parang kidlat na bumalik sa aking alaala ang kindat at ngiti ng dalawang babae sa loob ng dyip.

Kailangan ang iglap na desisyon.

Binunot ko ang kalibre 45 ni Ka Erning. Itinutok ko sa sentido niya. Kinalabit. Pumutok at kumalat ang utak niya. Tumigil bigla ang dyip. Nagulat ang mga nasa checkpoint. Pumosisyon. Bumaba ako ng bumper. Tumakbo ako nang nakataas ang kamay patungo sa checkpoint, paglingon ko, nakita kong nakaposisyon sa tabing daan ang dalawang babae, nagkalat ang bayong ng mga gulay, parehas silang may hawak na baril, nakarinig ako ng putok. Sinundan pa ng mga putok at mga sigaw. Bumulagta ako sa tabing daan kung saan tumutubo ang napakatataas na mga talahib.

Habang unti-unting nanlalabo ang aking paningin at sumisinok habang bumubulwak ang dugo sa aking bibig ay naririnig ko ang aking boses na tumatawag, "'Nay, makikituloy po kami," ngunit nanatiling nakapinid ang mga pinto at bintana.